

# Chapter

# One

“What the f\*ck, Jana?” angil ni Alana, na agad niyang pinagsisihan nang bumungisngis ang isang taon at anim na buwan niyang anak.

Sinapo nito ang kanyang dalawang pisngi at malawak na ngumiti.

“F\*ck, Mama?” Namimilog ang kulay gray na mga mata nito at bahagyang namumula ang chubby nitong mga pisngi.

Damn her and her big mouth. One would think she’d be a pro at this by now, but old habits die hard.

“No, Andrei.” Inayos niya ang pagkahawak sa phone at hinagkan ang kulot na buhok ni Andrei. Inayos din niya ang pagkakarga sa anak at kiming ngumiti sa paslit.

Kumunot ang noo ng bata, hindi maintindihan ang ibig niyang sabihin. “No f\*ck, Mama?”

Tumawa si Jana mula sa kabilang linya at kahit siya ay napabungingis nang konti.

“Oh, kung alam lang ni Andrei. Her mama hasn't gotten laid since the dinosaurs.”

An undeniable truth Alana didn't particularly care about. She had never been a very sexual person anyway. And no, hindi iyon dahil nagsa-sour grapes siya. Frigid? Hindi naman. Pero mas feel niya ang kumain ng ice cream at manood ng reruns ng *Game of Thrones* sa kanyang free time kaysa makipag-sexual acrobatics.

Well, except for that one time.

Kumislap sa kanyang isipan ang ilang malalabong alaala ng isang matipunong dibdib at matitigas na braso.

Umiling si Alana sa sarili para itaboy iyon.

“Shut up, Jana. ‘Asan ka na?’”

Sinulyapan niya ang mga numero sa gilid ng elevator, at nakitang nasa fifteenth floor na sila. Limang palapag pa bago ang unit ni Jana.

“Malapit na ‘ko. Sorry talaga. Na-stuck lang ako sa traffic.”

“If you're not here in twenty minutes, we're leaving. Dapat nasa bahay na kami ngayon at nakahilata.”

“Hintayin mo na ‘ko. Nag-half day ka na rin

naman.”

“Dapat bayaran mo ang half day ko.”

“Yeah, yeah. Hintayin mo ‘ko, ha? I want you to look at the place before Danny’s parents arrive this weekend.”

“Sige na, dalian mo, ha?”

“Girl, unless na lang magkaroon ng pakpak ang kotse ko, hindi ako makakaalis dito. Nasa ‘yo naman ang susi ng unit, di ba? Pumasok ka na lang.”

Nanlaki ang kanyang mga mata. “Anong susi?” Inipit niya sa tainga at balikang phone, pagkatapos ay binuksan niya ang bag at hinalughog ang susi nito. “Wala sa ‘kin ‘yong susi!”

“Yes, Alana dearest. Nasa ‘yo na ‘yon. Binigay ko ‘yon sa ‘yo kahapon. You know, susi. Iyong plastic, magnetic keycard ng unit para sa mga magulang ni Danny?”

“Jana, wala dito!”

“Na-misplace mo na naman ‘yan. Basta binigay ko na ‘yon sa ‘yo.”

“Hindi pa, wala nga rito!”

She hated it when people accused her of misplacing things! Fine, makakalimutin siya minsan, pero hindi ibig sabihin niyon nakalimutan niya talaga kung nasaan ang isang bagay. Malamang hindi iyon naibigay sa kanya ni Jana kahapon at—

“Susi, Mama?”

Napaigkas ang ulo niya kay Andrei at inosente itong kumurap-kurap sa kanya. Nasa chubby nitong kamay ang isang plastic keycard.

“Ano?” untag ni Jana sa kabilang linya. “Pinahawak mo kay Andrei, ano? Sabi ko naman sa ‘yo, Alana, mag-*Memo Plus Gold* ka na.”

“Shut up, sige na. ’Bye.”

Tinapos niya ang tawag at nakangiti niyang kinuha kay Andrei ang plastic card at hinagkan ang ulo nito. Ano na lang ang mangyayari sa kanya kung wala ang baby niya? Mala-lock siya sa kanyang bahay at mawawala ang ATM card niya, iyon ang mangyayari.

“Good boy!” puri niya rito.

Andrei giggled and snuggled his chubby face against her neck making her smile wider.

“Mama, tired?”

Her? Getting tired with such a cute baby in her arms? Never.

Lumawak lalo ang ngiti ni Alana at pinugpog niya ng halik ang mukha nito. Humagikhik ang paslit at yumakap nang mahigpit sa kanyang leeg na parang koala bear. Lumabas ang dimples sa kanan nitong pisngi dahil sa pagbungisngis nito. God, he’s so cute!

“Tickles!” hagikhik ni Andrei.

“Yeah?” She blew raspberries on his tummy and he giggled harder.

“Mama!”

Tumatawa siyang sumandal sa dingding ng lift at masuyong hinagkan ang kulot nitong buhok. He smelled like baby powder, sunshine, and happiness. Napabuntong-hininga si Alana. Happiness. Her baby was pure happiness.

“No, baby, Mama’s not tired. You?”

“Nooo,” mahaba nitong sagot.

“Ang bigat mo na, ano’ng kinakain mo?”

Bumungisngis ulit ito at pinugpog din siya ng halik sa mukha, na nagpahagikhik din sa kanya. Nakangiti niyang pinagmasdan ang malabong imahe nila sa metal na dingding ng elevator. Ang laki na ng baby niya. Parang kailan lang ay kasing-laki lang ito ng braso niya, ngayon ay halos hindi na niya ito mabuhat. Sa susunod ay hindi na ito magpapahalik sa kanya at mas gugustuhin nang makipaglaro sa mga kaedad nito.

That made her scowl. Damn. Possessive ba siya o possessive ba siya? Whatever. Baby niya si Andrei. He’d still be her baby even when he’s forty years old. Umiling siya. Matagal pa iyon. Right now, siya ang sentro ng mundo ng kanyang baby at ito ang sentro ng kanya.

Muli niyang pinatakan ng halik sa sentido ang bata saka inayos ang laylayan ng kanyang dilaw na bestida. Sinipat din ni Alana ang kanyang beige strappy flats. These last three years, it’s all flats for her. Five feet and two inches lang ang kanyang height at marahil ay kailangan niya ng dagdag na inches, pero mas masaya

siya sa mga flat sandals. They made it easy for her to run, slide, and jump after her giggling toddler. She'd never trade that for anything else.

She's happy about her figure, too. She had always been slim, but after her pregnancy, curves she could only dream about started showing in her body. Her once regular-size breasts became two cups bigger, thanks to hormones. Ganoon din sa hips niya. Lagi siyang tinutukso ni Jana na para na raw pang-porn star ang katawan niya at dapat na raw siyang humanap ng boylet. Boylet. Huh. That sure rhymed with toilet and Muppet, the two most crucial elements of Andrei's childhood these days—potty training and playing with his toys.

“Hungry?” untag ni Alana sa anak niya.

“Little. What we gonna eat, Mama?”

“Well, we can ask Ninang Jana to—”

Bumukas ang pinto sa eighteenth floor, at wala sa loob na napataas ng tingin si Alana.

And darn, mukhang may Greek god yata na nagbakasyon sa Pilipinas.

The man had short, wavy black hair and strong, towering frame. The guy was probably a model, dahil sa mga modelo lang niya nakikita ang ganoong kaperpektong mukha. But then again, maybe not. His features seemed a little too strong to be a model—chiseled cheekbones, deep-set eyes, high bridge nose.

Mukhang mas bagay ito sa mga male strip clubs kung saan naglalaway ang mga babae sa titig pa lang ng mga lalaki. Because that's what he's like—intense gunmetal gray eyes framed by ridiculously thick and dark lashes, sculpted lips, rough jaw, brawny arms. Mukhang nag-labor strike ang mga brain cells ni Alana. At ang katawan nito? Yeah, pang male stripper. Nakasimpleng puting kamiseta at pantalon ang binata at simple rin ang epekto niyon sa ovaries niya.

She wanted his babies.

Natawa siya sa sarili at masuyo niyang hinagkan ulit ang ulo ni Andrei. God, she loved her kid's scent. Gusto lang niyang isiksik ang ilong sa leeg ito at amuy-amoyin lagi ito. She grinned and hugged her son tighter. She didn't want more babies. Sapat na sa kanya ang baby niya.

“What the hell are you doing with my nephew?”

Napatalon si Alana sa pagsigaw ng lalaki at napasigaw nang hagilapin nito ang braso niya.

“Hoy! Ano ba!” Marahas niyang hinila pabalik ang braso.

Mukhang gusto siyang ilitson nang buhay ng mga mata ng lalaki. “Who the hell are you? Why do you have my nephew? I'm calling the police!”

She gaped at him. Ano raw?

“What the hell are you talking about?” Pilit niyang hinila ang kamay niya, pero ayaw siyang bitawan nito.

“Asan ang mga kasamahan mo? Sa’n mo dadalhin ang pamangkin ko? You’re going to pay for this!”

Hinagilap nito si Andrei at pilit kinuha sa kanya. Napalitan ng magkahalong galit at takot ang gulat ni Alana at pilit niyang itinulak ang lalaki.

“What the f\*ck are you talking about! Bitawan mo’ng anak ko!”

“Anak?” Lalong nag-igting ang panga ng lalaki. Hinampas nito ang button sa panel para bumaba ang elevator sa lobby. “Ang lakas din ng loob mo. Ang tapang mo pang—”

“Mama!” Umiyak na si Andrei at pilit siyang inabot mula sa paghila rito ng lalaki.

“You’re hurting him! Let him go!”

“You f\*cking bitch. Ba’t tinatawag ka niyang Mama? Ano’ng ginawa mo sa kanya?”

Oh my God. May mental problem ang lalaki. Lumibot ang tingin niya sa elevator at naghanap ng emergency button. May CCTV camera rito, hindi ba? She prayed someone could see them right now.

“Look.” Itinaas ni Alana ang dalawang kamay para pakalmahin ito. “Let’s stay calm here. I think you’re making a big mistake. Anak ko ‘yang pilit mong kinukuha. Napagkakamalan mo ang anak ko.”

“Napagkakamalan?” Inis siyang itinulak ng lalaki. “Ayaw mo pa talagang umamin!”

“Wag mo siyang hawakan nang mahigpit!”



Sinasaktan mo siya!”

Napapitlag ang lalaki at napatingin sa umiiyak niyang anak. Agad nitong niluwagan ang hawak sa bata, pero hindi ito binitawan.

“Mama! Mama!”

Pilit siyang inabot ni Andrei, pero iniwas siya rito ng lalaki.

“Sandali, okay?” Makapal ang kanyang tinig at malakas din ang tibok ng kanyang puso. The guy was big, kayang-kaya nitong baliin ang mga buto ni Andrei sa mga kamao nito. Isang maling galaw ay maaaring magdala ng permanenteng dagok sa kanila ng kanyang baby. “Nagkakamali ka talaga. Anak ko ‘yan. He’s Andrei. Please don’t hurt him.”

“Mama! Mama...”

“Stop your game. What the hell did you do to him?”

“Wala! Anak ko talaga ‘yan! Tingnan mo siyang mabuti, napagkamalan mo lang siya!”

Matalim ang titig sa kanya ng lalaki, pero marahan ang kamay nito nang hinagod ang likuran ng umiiyak niyang anak. Maingat nitong hinawakan sa balik at si Andrei para titigan ang paslit. Walang habas sa pagdaloy ang luha sa magkabila nitong pisngi at nanginginig ang mga labi nito.

“Wag mo ‘kong lokohin. Pamangkin ko ‘to. This is Chris. Now tell me what you did to him and why he’s

calling you Mama.”

“He’s not. He’s my son! Please let go of him!”

“Ako ba ginagago mo? This is my freaking nephew! Magsabi ka na ng totoo bago ko—”

Bumukas ang pinto ng elevator at sabay silang napapitlag at napaharap doon ang binata.

Agad siyang gumalaw para humingi ng saklolo sa mga ito.

“Help! Please call security! He’s—”

Nahagilap ng mga mata ni Alana ang mukha ng batang karga ng babae at para siyang sumalampak sa isang pader.

“What? Ano’ng—Oh! Cade!” nakangiting bati ng babae nang makita nito ang kasama niyang lalaki.

“Nakita na namin si Chris! ‘Tong batang ‘to, muntikan na ‘kong atakihin sa puso.”

Chris?

Umawang ang mga labi niya at nanlaki ang kanyang mga mata habang nakatitig siya sa batang tinawag ng babae na Chris.

“Pamangkin ko ‘to. This is Chris.”

“Buti na lang nakita agad ng security, kung hindi baka kung sino na ang kumuha dito kay Chris.”

Halos hindi niya marinig ang sinabi ng babae, nakatuon lang ang titig niya sa batang si Chris. Maputi ang paslit, kulot ang maitim na buhok, kulay gray ang mga mata.

May dimples din ito sa kanang pisngi...

“Uncle Cade!” the little boy chirped.

Pareho sila ng ekspresyon ng lalaking tinawag na Cade. Awang ang mga labi na napatitig ang binata sa batang karga ng babae, pagkatapos ay napatitig sa anak niya. Andrei’s crying face was an exact replica of the toddler’s in the woman’s arms.

Maang silang nagkatitigan ni Cade.

At parang suntok sa tiyan, doon niya nakita ang pagkapareho sa mukha ng anak niya at sa mukha ng binatang pinagbintangan siyang kidnapper.

Oh. My. God.

Naglandas sa buong mukha ni Cade ang kanyang mga mata.

The dark wavy hair, the strong nose, the shape of the mouth, the eyes...

Gunmetal gray.

Would her son’s soft gray eyes turn into a darker shade of gray when he grew older? The man probably had a dimple, too, when he smiled.

“Hey, what’s going on here?” untag ng isang boses na katunog ng sa binatang kaharap niya.

Naramdaman niyang pumasok ang mga ito sa elevator, at wala sa sariling napatingin siya sa mga ito.

Lalong umawang ang mga labi ni Alana nang masilayan ang mukha ng lalaking bagong dating.

The same wavy dark hair, the same shade of gray,

the same god-like bone structure.

Twins. These men were twins.

Napatingin ang lalaki sa anak niya at bumakas din ang gulat sa mga mata nito. Napalipad ang tingin nito sa kanila ni Cade.

“Ano ‘to?”

“Oh my God! The boy looks just like Chris!” bulalas ng babaeng may karga sa bata.

“Mama!” pilit siyang inabot ni Andrei at walang nagawa si Cade kundi iabot sa kanya ang umiiyak niyang baby.

“What’s this?” ulit ng lalaking kamukha ni Cade.

Hindi siya makatingin sa mga ito at wala sa sariling hinagod-hagod lang niya ang likod ng anak.

Nananaginip ba siya? O nananaginip ba siya?

“I...” Cade’s voice was rough and unsteady. “I thought the kid was...”

“My God, look at the kid! Parang kambal sila ni Chris! Parang kayo ni Cade, honey!” bulalas ng babae. Shit. Shit. Shit.

“Miss, are you okay?” untag ng kakambal ni Cade.

Marahan nitong hinawakan ang balikat niya at pilit niyang inangat ang titig sa mukha nito.

She saw the difference in their features now.

They both had panty-dropping good looks. Pero mas makinis ang mga anggulo ng mukha ng lalaking ito, habang mas matigas at mas magaspang ang kay Cade.

This guy was the pretty boy, the golden boy. He was the kind of guy whom girls would bring home to meet their parents. Cade, on the other hand, was the bad boy, the naughty daredevil. He was the type of guy whom girls secretly dreamed about while touching themselves in the shower.

A memory of a hazy night floated through her mind.

Dark eyes, rough hands, hot wet lips...

*“F\*ck, you feel so good.”*

“Uhm...” singit ng babae at ramdam ni Alana ang mapang-usisa nitong titig. “Do you guys know each other?”

Images of a guy with strong arms and muscular chest hovering above her flashed through her mind.

She couldn't see his face.

Know each other? Not exactly.

Suminok si Andrei sa leeg niya at wala sa sariling hinagkan niya ang noo ng anak. Pilit niyang itinaas ang titig kay Cade at sa kapatid nito.

Ilang beses na niyang naisip ang sitwasyong ito magmula nang makita niya ang dalawang pulang linya sa pregnancy stick mahigit dalawang taon na ang nakakaraan. Pero itong eksenang ito? My God, para itong joke at siya ang punch line. And the worst part? Hindi niya akalaing may kakambal pala ang lalaking iyon na nakilala niya nang gabing iyon.

Bumaling ang titig niya kay Cade at nakitang matamang nakatitig din ito sa kanya. Those dark grayish-blue eyes made her knees wobble.

“Do we know each other?” he grated, his dark eyes intense as he stared at her as if he was fighting hard to recognize her face.

At sa ilalim niyon ay ang paggapang ng takot dahil mukhang alam na nito kung saan papunta ang usapang ito.

She hysterically laughed inwardly.

*Give the guy a prize!*

*Cue the Twilight Zone theme song!*

“Well,” aniya, “it depends. Nasa Paris ba kayo mga two years ago? Around June? Sa *Chez Moune*?”

“Two years ago?” usisa ng babae. “We were touring Asia around May to July that year, weren’t we, Carl?”

Tumango si Carl at kinuha sa babae ang batang si Chris. Sa seryosong titig nito, mukhang alam na rin nito kung saan papunta ang usapan nila. “Yes, wala kami sa Paris n’on ng asawa ko.”

Well, at least alam na niya na wala siyang masisirang pamilya dahil sa isang gabi na iyon sa Paris.

*Count your blessings, Alana!*

Inangat niya ang titig kay Cade at nakitang nakatiim-bagang ito at nakakuyom palad. Nakatitig ito sa anak niya at may malamig na apoy sa kulay abo at asul nitong mga mata.

Starting to get pissed off, huh? She could relate. Iyon din ang unang naramdaman niya nang makita ang dalawang pulang stripes.

“I was in Paris around that time,” matigas nitong sambit. Itinaas nito ang titig sa kanya at lalong nanghina ang mga tuhod niya. “Madalas din ako n’on sa *Chez Moune*.”

Lumunok si Alana at hinagod-hagod ulit ang likod ng kanyang anak. The blurry images of that night kept flashing through her mind. Hot sweaty skin, hard muscles, rough groans...

She’d better tell him now, right?

“Well,” aniya, “I’m not sure about this. But I think you’re the father of my son.”

Parang pinasabugan niya ng limang bomba ang mga tao sa loob ng elevator. *Welcome to the club, guys.* Ganoon din ang naramdaman niya nang malaman niyang buntis siya mula sa isang one night stand mahigit dalawang taon na ang nakakaraan.

